Siguraduhing gumamit ng ballpen o sign pen sa pagsusulat. Huwag gagamit ng lapis, mechanical pencil o nabuburang ballpen.

Para sa KDDI Corporation / Okinawa Cellular Telephone Company

Taon 20　　Buwan　　Araw

# Form para sa Filtering Service at Pagsang-ayon ng may Kustodiya

Bilang legal na kinatawan ng may kustodiya, ako ay sumasang-ayon sa nasa ibaba matapos kumpirmahin ang "Mga Pagsang-Ayon". Ako ay paunang sumasang-ayon na ang mag-aaplay ay gagawa sa kumpanya ng kontrata sa paggamit alingsunod sa mga probisyon ng kontrata sa serbisyo sa komunikasyon ng au at UQ mobile, at pagkasimula ng paggamit ay gagawa siya ng pagbabago ng uri ng plan, pagbabago at trade-in ng modelo at bawa't pag-aaplay na may kinalaman sa serbisyo sa komunikasyon ng au at UQ mobile※1 (Gayunpaman, hindi saklaw ang aplikasyon sa pagpapalit ng numero※2).※3※4

※Mangyaring sumulat ang may kustodiya (legal na kinatawan). Kailangan sagutan lahat ng nasa loob ng makapal na linya.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| May kustodiya (Legal na kinatawan) | Furigana | | Kaarawan | |
| | Pangalan | | Taon　Buwan　Araw | |
| | Tirahan | 〒　- | Telepono | Kaugnayan |
| | | | | |
| Makikipagkontrata o Gagamit (Menor de Edad) | Furigana | | Kaarawan | Edad |
| | Pangalan | | Taon　Buwan　Araw | Taon |
| | Tirahan | 〒　- | Numero ng Telepono na Nakakontrata (Numero ng Bagong Kontrata) | |
| | | | | |

【Kumpirmasyon ng Filtering Service】Lagyan ng tsek sa isang naaayon matapos sumang-ayon sa nasa ibaba na "Mga Dapat Kumpirmahin Kaugnay ng Paggamit ng Menor de Edad"

| Filtering Service na Gagamitin/Dahilan kung Bakit Hindi Kailangan ang Serbisyo (Pumili sa Kailangan/Hindi Kailangan at lagyan ng (✓) ang isa sa □) | | Dahilan kung Bakit Hindi Kailangan/Iba't Ibang Setting |
|---|---|---|
| Kailangan<br>Pumili ng **isang** serbisyo mula sa kanan | □ Safety Filter　Pumili ng isa mula sa ibaba<br>↳ Elementary / Middle School / High School / High School Plus | When setting in-store/ 9 |
| | □ Filtering function ng OS　Pumili ng isa mula sa ibaba<br>↳ Screen time (iOS) (Para sa High School Plus) / Family Link (Android) Para sa mga espesyal na Android handset lamang※5 | When setting in-store/ 4 |
| | □ Iba Pa<br>Web Filter para sa Menor de Edad<br>(Kapag hindi saklaw ang 5G Device at Safety Filter/Filtering function ng OS)※6 | |
| | □ Pagpapaalam na Hindi Gagamit ng Filtering Service ※Kapag May kustodiya ang Gagawa ng Setup<br>Ako ay mag-aaplay matapos kumpirmahin ang mga nasa ibaba<br>Ako (may kustodiya atbp.) ay nagpapaalam na hindi kailangan ang setup ng filtering service na naaayon sa batas sa kadahilanang responsibilidad ko na alamin ang kondisyon ng paggamit sa aking tahanan at agad itong i-setup. | When setting at home/ 5 |
| Hindi Kailangan<br>Pumili ng **isang** dahilan mula sa kanan | □ Mayroong trabaho ang menor de edad at makakaapekto ang pagdagdag ng filtering service sa trabaho | 1 |
| | □ Makakaapekto ang pagdagdag ng fitering service sa kapansanan o sakit ng menor de edad | 2 |
| | □ Babantayan ng may kustodiya ang paggamit ng menor de edad upang hindi ito makabasa ng mapanganib na impormasyon | 3 |
| | □ Ang gagamiting modelo ay may nakalagay na filtering function※7 | 8 |

【Mga Dapat Kumpirmahin Kaugnay ng Paggamit ng Menor de Edad】

Bago ibigay sa menor de edad ang telepono o tablet, kumpirmahin muna ang mga detalye sa ibaba at lagyan ng（✓）ang □ para sa kaligtasan ng menor de edad.

- □ Nauunawaan ko na kapag hindi ginagamit ang filtering service, maaaring makakuha ng mapanganib na impormasyon sa paggamit ng internet na maaaring makaapekto sa maayos na paglaki ng mga menor de edad.
- □ Nauunawaan ko na tumataas ang bilang ng mga menor de edad na napapahamak dahil sa pakikisalamuha sa mga hindi kilalang tao gamit ang SNS at mayroong panganib na maging kasabwat sila sa krimen, hindi lamang bilang biktima.
- □ Napagdesisyunan ko ang pinakamainam para sa menor de edad kasama ang mga paunawa na nasa itaas.

【販売店使用欄】※販売店担当者様がご記入ください。太枠内すべて記入が必要です。

| | | | |
|---|---|---|---|
| 受付店コード | | 申込書番号 | |
| 受付店名<br>連絡先<br>担当者 | | 同意確認 | ①同意者来店により対面同意確認<br>②同意者来店ではないため、架電により同意確認<br>↳ 架電日時　月　日　時　分頃<br>※不通の場合は、受付できません |

Mga Pagsang-Ayon

Bukod pa dito, ako ay paunang sasang-ayon din na kung ang mag-aaplay sa kontrata ay bibili ng mobile phone, atbp. sa pamamagitan ng "Kontrata sa Ikatlong Partido Para sa Bawa't Produktong Bibilhin sa Utang" o "Kontrata sa Pagbili sa Bayad na Hulugan", gagawa siya sa KDDI Corporation ng kontrata base sa "Mga Probisyon sa Kontrata sa Ikatlong Partido Para sa Bawa't Produktong Bibilhin sa Utang" o "Mga Probisyon sa Kontrata sa Pagbili sa Bayad na Hulugan", at sumasang-ayon sa aplikasyon ng isahang bayad ng hulog sa loob ng nakatakdang araw ng bayaran ng hulog o installment.

Kung ang mag-aaplay mismo ay magtatakda ng credit card o account sa bangko sa aking pangalan (※pangalan lamang ng may kustodiya sa form na ito) para sa pagbabayad ng halaga sa paggamit ng serbisyo sa komunikasyon ng au o UQ mobile[※7], sasang-ayon din ako na bayaran ang halaga ng serbisyo sa komunikasyon ng au o UQ mobile na ginagamit ng makikipagkontrata mula sa itinakdang credit card o account. Dagdag pa dito, kapag mayroong pagkahuli sa pagbabayad, ako ay tutulong sa pagkansela nito.

## 1. Mga Paalaala sa Pag-aaplay sa "Kontrata sa Ikatlong Partido Para sa Bawa't Produktong Bibilhin sa Utang" o "Kontrata sa Pagbili sa Bayad na Hulugan"

- Ayon sa probisyon ng Installment Sales Act (hindi kasama ang kontrata sa pagbili sa bayad na hulugan), gagawin ang pagtiyak at pagpaparehistro ng personal na impormasyon ng makikipagkontrata tulad ng kalagayan ng pagbabayad sa ahensiya ukol sa pagpapautang na itinalaga ng Ministry of Economy, Trade and Industry sa panahon ng pag-aaplay sa Kontrata sa Ikatlong Partido Para sa Bawa't Produktong Bibilhin sa Utang o kontrata sa pagbili sa bayad na hulugan, at pagkatapos gumawa ng kontratang iyon. Ang impormasyon ng nakikipagkontrata na inirehistro ay maaaring gamitin ng ibang miyembro ng ahensiya ukol sa pagpapautang.
- Kapag ang nakikipagkontrata ay menor-de-edad at ang may kustodiya sa kaniya ay nagpahuli sa pagbabayad para sa kaniya, ito ay ituturing bilang rekord ng pagpapahuli sa pagbabayad ng menor-de-edad na nakikipagkontrata.
  Pakisuyong mag-ingat dahil ang rekord ng pagpapahuli sa pagbabayad ay mananatili nang 5 taon sa itinalagang ahensiya ukol sa pagpapautang pagkatapos bayaran ang lahat ng utang, at maaaring tanggihan ang pag-aaplay sa ibang pag-utang, pagkokontrata sa bayad na hulugan, atbp.
- Sa pag-aaplay sa "Kontrata sa Ikatlong Partido Para sa Bawa't Produktong Bibilhin sa Utang" o "Kontrata sa Pagbili sa Bayad na Hulugan" sa panahon ng bawa't pag-aaplay na may kinalaman sa pagbili ng modelo ng mobile phone[※], ang may kustodiya sa kaniya ay kailangang magpakita sa tindahan (para sa pagsang-ayon ng may kustodiya) sa bawa't pagkakataon.
  ※ Ang bawa't pag-aaplay na may kinalaman sa pagbili ng modelo ng mobile phone ay tumutukoy sa "bagong modelo", "pagbabago ng modelo", "pagdagdag ng modelo" at "serbisyo sa panahon ng pagkawala ng modelo".

## 2. Iba Pang Paalaala

- Kapag isasagawa ang aplikasyon, kailangan ang presensya ng magulang o may kustodiya na may-ari ng credit card o account sa bangko kapag gagamitin ito sa buwanang bayad.
- Maaaring putulin ang kontrata kapag natuklasang may di-totoong impormasyon sa kaniyang isinulat (pangalan, tirahan, numero ng telepono para sa pagkontak, atbp.).
- Sa paggamit ng mobile phone ng menor de edad, mahalaga na pag-usapang mabuti ng magulang o may kustodiya at ng menor de edad ang mga alituntunin ng paggamit tulad ng layunin at paraan ng paggamit at oras ng paggamit, bayad ng paggamit atbp.
  At kailangan ding suriin lagi ang mga alituntuning pinag-usapan.

## 3. Mga Dapat Kumpirmahin Kaugnay ng Filtering Service

- Pakiusap na ilagay ang Filtering Service sapagkat maaaring masangkot sa krimen o problema katulad ng nakasaad sa ibaba kapag nakakita ng mga labag sa batas o mapanganib na impormasyon dahil sa paggamit ng internet na maaaring makaapekto sa maayos na paglaki ng mga menor de edad.
  **Kahit ang magkokontrata ay adulto na, inirerekomenda rin ang pag-aaplay sa serbisyong ito kung ang gagamit ay menor-de-edad.**

  (1) Tumataas ang bilang ng mga menor de edad na napapahamak dahil sa pakikisalamuha sa mga hindi kilalang tao gamit ang SNS at iba pa
  ※Halos 90% ng mga kabataan na nasangkot sa krimen sa mga SNS ay hindi gumagamit ng Filtering Service.
  (Ayon sa ulat ng mga kapulisan noong Marso 2021)
  (2) Mayroong panganib na maging kasabwat sila sa krimen, hindi lamang bilang biktima
  (3) Mayroon ding pangamba ng masamang epekto dulot ng sobrang paggamit ng SNS, iba't ibang aplikasyon, internet, at iba pa.
  (Cabinet Office "FY2020 Survey on Adolescent Internet Usage Environment")

| |
|---|
| Kapag magkaiba ang nakikipagkontrata at ang gumagamit ng mobile phone ng au/UQ mobile, irerehistro ang impormasyon ng nakikipagkontrata ayon sa pag-aaplay ng nakikipagkontrata. |

- Kapag ang makikipagkontrata o gagamit ay menor de edad, kailangan ng "Aplikasyon Para sa Filtering Service".[※9]
  Dagdag pa dito, tatawagan ang mga magulang o may kustodiya kapag dinala ang "Aplikasyon para sa Filtering Service" na hindi kasama ang mga magulang o may kustodiya.
- **Kailangan pa rin ng "Aplikasyon Para sa Filtering Service" kahit na hindi kukuha ng filtering service.**

※Kapag nalaman na bukod sa katotohanan ang mga nakasulat, maaaring ipawalang-bisa ang aplikasyon sa hindi paggamit ng filtering service at muli itong ibabalik. Hinihingi ang inyong pang-unawa hinggil dito.

(※1) Kabilang ang serbisyo tulad ng au Simple Payment Service kung saan ang mga serbisyo na may bayad na kinuha sa iba't ibang website o di kaya ay bayad sa mga produkto ay maaaring isabay sa bayad sa serbisyo ng komunikasyon ng au o UQ mobile. Mangyaring mag-ingat sapagkat maaaring tumaas ang halaga ng babayaran sa au Simple Payment Service dahil sa paggamit ng data charge o mga serbisyong may bayad. Kailangan ng PIN code sa paggamit ng au Simple Payment Service. Ang default na code ay ang itinakdang 4 na numero na isinulat sa form sa panahon ng pagkuha ng bagong linya. Ituturing pa rin na ang nakikipagkontrata ang nag-authenticate kahit na ang bata o ikatlong partido tulad ng kapamilya ang nag-authenticate at pagbabayarin ang nakikipagkontrata. Tiyaking hindi malalaman ng ibang tao maliban sa nakikipagkontrata ang PIN code.
(※2) Kailangan ang form para sa pagsang-ayon ng may kustodiya tuwing magpapalit ng numero ng telepono.
(※3) Para sa mga nasa elementarya, hindi tatanggapin ang aplikasyon para sa pansamantalang paghihinto, pagpapatigil o paglilipat sa ibang tao hangga't hindi pa sila nakakapasok sa middle school. Kailangan na ang mga magulang o legal na kinatawan ang makipagkontrata.
(※4) Maaaring magdagdag ng ibang serbisyo gamit ang mga mobile phone ng aming kompanya.
(※5) Ang mga saklaw na modelo ay Galaxy Z Fold2 5G（SCG05）,Galaxy Z Flip 5G（SCG04）,Galaxy Z Flip（SCV47）,Galaxy Fold（SCV44）,Galaxy Z Flip3 5G（SCG12）,Galaxy Z Fold3 5G（SCG11）, at Google Pixel 5／6／6a／7／7 Pro .
(※6) Hindi maaaring limitahan ng Web Filter para sa Menor de Edad ang access kapag gumagamit ng Wi-Fi. Ipinapayo ang setting o paggamit nito kapag gumagamit ng device na saklaw ng Safety Filter, Screen Time, o Family Link.
(※7) Ang mga saklaw na modelo ay mamorino Watch（ZTF31）,mamorino4（ZTF32）,mamorino5（KYF40）, at mamorino6（SHF35）.
(※8) Kasama rin ang dagdag na bayad para sa mga serbisyo o produkto na ginagamit o binili mula sa iba't ibang website.
(※9) Kailangan ng paalam kapag magpapasa ng aplikasyon para sa hindi paggamit ng filtering service alinsunod sa ika-15 kapitulo ng batas na nagbibigay ng ligtas na paggamit ng internet (Youth Internet Environment Improvement Act) sa mga menor de edad. Gayunpaman, ang pagbibigay ng aplikasyon para sa hindi paggamit ng filtering service ay gagawin kapag ang makikipagkontrata o ang gagamit ay wala pang 20 taong gulang.

◆ Ang dokumentong ito ay may bisa lamang kapag natanggap sa loob ng isang buwan matapos magawa.

Para sa KDDI Corporation / Okinawa Cellular Telephone Company

① Taon 2022 Buwan 4 Araw 1

# Form para sa Filtering Service at Pagsang-ayon ng may Kustodiya

Bilang legal na kinatawan ng may kustodiya, ako ay sumasang-ayon sa nasa ibaba matapos kumpirmahin ang "Mga Pagsang-Ayon". Ako ay paunang sumasang-ayon na ang mag-aaplay ay gagawa sa kumpanya ng kontrata sa paggamit alingsunod sa mga probisyon ng kontrata sa serbisyo sa komunikasyon ng au at UQ mobile, at pagkasimula ng paggamit ay gagawa siya ng pagbabago ng uri ng plan, pagbabago at trade-in ng modelo at bawa't pag-aplay na may kinalaman sa serbisyo sa komunikasyon ng au at UQ mobile※1 (Gayunpaman, hindi saklaw ang aplikasyon sa pagpapalit ng numero ※2).※3※4

※Mangyaring sumulat ang may kustodiya (legal na ② [kinat]awan). Kailangan sagutan lahat ng nasa loob ng makapal na linya.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| May kustodiya (Legal na kinatawan) | Furigana | エ イ ユ ウ ハ ナ コ | Kaarawan | |
| | Pangalan | 英 雄 花 子 | Taon 1968 Buwan 4 Araw 12 | |
| | Tirahan | 〒 XXX - XXXX<br>東京都 千代田区 飯田橋 3-X-X | Telepono | Kaugnayan |
| | | | 080-XXXX-XXXX | 母 |
| Makikipagkontrata o Gagamit (Menor de Edad) | Furigana | エ イ ユ ウ タ ロ ウ | Kaarawan | Edad |
| | Pangalan | 英 雄 太 郎 | Taon 2004 Buwan 4 Araw 12 | 17 Taon |
| | Tirahan | 〒 -<br>同上 | Numero ng Telepono na Nakakontrata (Numero ng Bagong Kontrata) | |
| | | | 080-XXXX-XXXX | |

【Kumpirmasyon ng Filtering Service】Lagyan ng tsek sa isang naaayon matapos sumang-ayon sa nasa ibaba na "Mga Dapat Kumpirmahin Kaugnay ng Paggamit ng Menor de Edad"

③

| | Filtering Service na Gagamitin/Dahilan kung Bakit Hindi Kailangan ang Serbisyo (Pumili sa Kailangan/Hindi Kailangan at lagyan ng (✓) ang isa sa ☐) | Dahilan kung Bakit Hindi Kailangan/Iba't Ibang Setting |
|---|---|---|
| Kailangan | A ☐ **Safety Filter** Pumili ng isa mula sa ibaba<br>↳ Elementary / Middle School / High School / High School Plus | When setting in-store/ 9 |
| | ☐ **Filtering function ng OS** Pumili ng isa mula sa ibaba<br>↳ Screen time (iOS) (Para sa High School Plus) / Family Link (Android) Para sa mga espesyal na Android handset lamang※5 | When setting in-store/ 4 |
| | ☐ **Iba Pa**<br>Web Filter para sa Menor de Edad<br>(Kapag hindi saklaw ang 5G Device at Safety Filter/Filtering function ng OS)※6 | |
| | B ☑ **Pagpapaalam na Hindi Gagamit ng Filtering Service ※Kapag May kustodiya ang Gagawa ng Setup**<br>Ako ay mag-aaplay matapos kumpirmahin ang mga nasa ibaba<br>Ako (may kustodiya atbp.) ay nagpapaalam na hindi kailangan ang setup ng filtering service na naaayon sa batas sa kadahilanang responsibilidad ko na alamin ang kondisyon ng paggamit sa aking tahanan at agad itong i-setup. | When setting at home/ 5 |
| Hindi Kailangan | ☐ Mayroong trabaho ang menor de edad at makakaapekto ang pagdagdag ng filtering service sa trabaho | 1 |
| | ☐ Makakaapekto ang pagdagdag ng fitering service sa kapansanan o sakit ng menor de edad | 2 |
| | ☐ Babantayan ng may kustodiya ang paggamit ng menor de edad upang hindi ito makabasa ng mapanganib na impormasyon | 3 |
| | ☐ Ang gagamiting modelo ay may nakalagay na filtering function※7 | 8 |

④ 【Mga Dapat Kumpirmahin Kaugnay ng Paggamit ng Menor de Edad】

o ibigay sa menor de edad ang telepono o tablet, kumpirmahin muna ang mga detalye sa ibaba at lagyan ng（✓）ang ☐ para sa kaligtasan ng menor de edad.

☐ Nauunawaan ko na kapag hindi ginagamit ang filtering service, maaaring makakuha ng mapanganib na impormasyon sa paggamit ng internet na maaaring makaapekto sa maayos na paglaki ng mga menor de edad.

☐ Nauunawaan ko na tumataas ang bilang ng mga menor de edad na napapahamak dahil sa pakikisalamuha sa mga hindi kilalang tao gamit ang SNS at mayroong panganib na maging kasabwat sila sa krimen, hindi lamang bilang biktima.

☐ Napagdesisyunan ko ang pinakamainam para sa menor de edad kasama ang mga paunawa na nasa itaas.

| | Susulatang Hanay | | Mga Dapat Bigyang-Pansin sa Pagsulat sa Dokumento |
|---|---|---|---|
| ① | **Petsa** | | Ilagay ang petsa kung kalian ginawa ang "Form para sa Filtering Service at Pagsang-ayon ng may Kustodiya". |
| ② | **May Kustodiya (Legal na Kinatawan)** | | Kailangang isulat ang pangalan, kaarawan, tirahan, telepono, at kaugnayan ng may kustodiya (legal na kinatawan). |
| | **Makikipagkontrata o Gagamit (Menor de Edad)** | | Isulat ang pangalan, kaarawan, edad, tirahan, at inaaplayang numero ng telepono (※) ng makikipagkontrata o gagamit.<br>※Kapag walang telepono bago ang aplikasyon, lagyan ng ○ ang "Inaaplayang Linya」.<br>※Isulat ang numero ng telepono na nakakontrata matapos mabuksan ang linya. |
| ③ Detalye ng Filtering Function | **When setting in-store (Letrang A sa itaas)** | | Lagyan ng ○ ang "Kailangan" at lagyan ng (✓) ang ☐ ng "Filtering Service na Gagamitin". |
| | | Safety Filter | Lagyan ng ○ ang isa sa mga nasa ibaba kung "Safety Filter" o "Filtering Function ng OS". |
| | | Filtering Function ng OS | |
| | | Iba Pa | Kasama din ang modelo na miraie f (KYV39). |
| | **Kapag may kustodiya ang gagawa ng set up (Letrang B sa itaas)** | | Lagyan ng ○ ang "Kailangan" at lagyan ng (✓) ang ☐ matapos kumpirmahin ang "Pagpapaalam na Hindi Gagamit ng Filtering Service". |
| | **Kapag Hindi Kailangan ng Filtering Service** | | Lagyan ng ○ ang "Hindi Kailangan" at lagyan ng (✓) ang ☐ ng dahilan kung bakit hindi kailangang i-set up.<br>※Kapag gagamit ng modelo na mayroong nakalagay na filtering function (mamorino Watch（ZTF31）,mamorino4（ZTF32）,mamorino5（KYF40）,mamorino6（SHF35）), lagyan ng (✓) "Ang gagamiting modelo ay may nakalagay na filtering function." |
| ④ | **Mga Dapat Kumpirmahin Kaugnay ng Paggamit ng Menor de Edad** | | Kumpirmahin ang nilalaman at at lagyan ng (✓) ang ☐. |